# Simulan ang Pagpapaunlad sa Bawat Tahanan

"Kung anu-ano ang binibigay nating opportunities sa mga 4Ps beneficiaries pero baka kaya hindi nagbubunga ay dahil mahina ang relasyon at pagtutulungan sa tahanan," ganito ilarawan ni G. Christian Cebrecus, Project Development Officer (PDO) II ng Quezon, Nueva Ecija, kung pa'no nabuo ang konsepto ng proyektong Couple's Day Off sa naturang bayan.

Ang Couple's Day Off ay dalawang araw na programa na naglalayong magpalakas, magpatibay, at magpatatag ng samahan ng mga mag-asawang benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps, sa pagtutulungan ng SLP PDO, Municipal Action Team (MAT), at Local Government Unit (LGU) ng Quezon, Nueva Ecija. Ang SLP PDO at Municipal Links (MLs) ay abala sa pagbuo ng programa at mga aktibidad samantalang lahat ng suporta pagdating sa logistics at sagot naman ng LGU. Ang mga napiling mag-asawa ay dadaan sa ilang serye ng aktibidad na muling magbabalik ng init at tamis ng kanilang pagsasamahan, pagsulat at pagbasa ng love letter sa ilaw ng bonfire, panunuod ng pelikula, at renewal of vows o muling pagpapakasal.

Napakasayang karanasan ito para sa mga mag-asawang mahihirap na hindi naman naranasan makapag-date ng madalas, at ikinasal sa Huess lamang, tulad ni Nanay Ivonne Delos Santos, 48, at Tatay Felipe Delos Santos, 51. "Malaki pong kaluwagan sa dibdib na masali kami sa Couple's Day Off, dahil madalas ko kaming mag-away dahil madalas wala ako sa bahay dahil ako po'y Parent-Leader at Community Volunteer ng Kalahi-CIDSS [Kapit-bisig Laban sa Kahirapan Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services]," kwento ni Nanay Ivonne. Tuwing uuwi si Tatay trabaho ay hindi niya naaabutan sa bahay si Nanay Ivonne dahil madalas meron silang pagpupulong sa 4Ps at Kalahi-CIDSS,

at madalas ay walang pang naihandang hapunan si Nanay Ivonne dahil kung minsa’y maghapon ang aktibidades sa mga naturang programa. Madalas itong pagmulan ng kanilang away na mag-asawa. Ito ay binigyang solusyon ng Couples’ Day Off, anila, mas lumawak ang kanilang pang-unawa, sa pinagdadaanan ng bawat isa. Parte ng Couple’s Day Off ay counselling na pinangungunahan ng mga naimbitahan registered social workers at religious leaders.

“Ngayon po, ‘pag darating ako ng hapon at wala pa s’ya at wala pa ring sinaing ay ako na po ang nagluluto,” kwento ni Tatay Felipe.

Sa kasalukuyan mayroon ng kabuuang 61 na mag-asawang ang nakabahagi sa Couple’s Day Off, 37 sa kanila ay sa naunang batch na ginanap noong Pebrero 2016, at ang 24 ay nitong Marso taong 2017. Upang mas mapaigting pa ang samahan ng buong pamilya, ay plano ngayon SLP, MAT ng 4Ps, at LGU ng Quezon na magkaroon ng Youth Camp sa darating na Junyo, kung saan pagiigtingin ang samahan ng kabataan sa kanilang mga magulang, isang anak at nanay o tatay.

Ayon kay Gng. Avelina Dela Cruz, Municipal Social Welfare and Development Officer (MSWDO) ng Quezon, Nueva Ecija ay isa sa mga nais tutukan ng lokal na administrayon ngayon ay ang mas pagpapatag pa sa bawat pamilya ng mga tiga-Quezon, tungo sa pag-unlad. “Kung magkakawatak-watak ang pamilya, doon na papasok ang maraming problema. Kaya napakagandang proyekto nito, at mapakasaya rin. Maging kami ay nag-eenjoy habang pinapakinggan at pinapanuod namin sila.,” dagdag niya. Ayon din sa kanya, kung noong unang araw na dumating ang ibang mag-asawa parang ilang pa sa isa’t isa, madalas magkalayo, sa kanilang pag-alis at pag-uwi sila’y sweet na sweet na at magkahawak pa ng kamay. ### (Andyleen C. Feje)